

San Diego Regional Center
Mga Pamantayan sa Pagbili ng Serbisyo
Mga Aktibidad sa Libangan ng Pakikisalamuha, Mga Serbisyo sa
Camp, Mga Di-medikal na Terapiya, at Mga Serbisyong Pang-
edukasyon

Mga Aktibidad sa Libangan ng Pakikisalamuha at Mga Kaugnay na Gastos sa Paglalakbay

Kinikilala ng San Diego Regional Center (SDRC) na ang lahat ng tao, anuman ang kanilang kapansanan, ay nangangailangan ng angkop na mga oportunidad sa libangan at pakikisalamuha sa panahon ng kanilang buhay. Para sa karamihan ng mga kliyente, ang mga pangangailanga na libangan ng pakikisalamuha ng isang indibidwal ay dapat makamit sa pamamagitan ng natural na kapaligiran sa loob ng mga aktibidad ng kanyang pamilya o programa ng serbisyo sa tirahan. Bilang karagdagan, ang mga kliyente ay madalas na kabahagi ng mga aktibidad na pakikisalamuha/panlibangan bilang bahagi ng kanyang mga serbisyong pang-edukasyon o pang-araw-araw na programa. Sa pangkalahatan, ang mga kliyenteng nasa hustong gulang, mga magulang ng mga bata na nakatira sa bahay, o ang pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga ng mga bata at matatanda sa mga lugar ng paglalagay sa tirahan (residential placement), ay may pananagutan sa pagpupursigi, pagpopondo, at/o pagbibigay ng patuloy na mga pagkakataon para sa mga aktibidad na pakikisalamuha at panlibangan.

Ang mga serbisyo para sa pakikisalamuha/libangan ay itinalaga upang mapahusay ang mga pagkakataon at kasanayan sa pakikisalamuha, na nagbibigay-daan sa kliyente na makilahok sa mga panggrupo at pang-indibidwal na aktibidad sa tahanan at sa loob ng komunidad. Ang ganitong mga serbisyo ay naghihiikayat sa mga kliyente na simulan ang pakikipag-usap sa iba, magturo ng naaangkop na mga kasanayan sa pakikisalamuha, bumuo ng mga pagkakaibigan, at pagbutihin ang mga natural na suporta. Ang mga serbisyo ng pakikisalamuha/libangan ay itinuturing na limitado sa oras, na may pana-panahong muling pagtatasa, at nilalayan para sa mga kliyente na makuha ang (mga) kasanaya sa pakikisalamuha at asal na tinukoy sa Plano sa Pang-indibidwal na Programa (Individual Program Plan o IPP) o Plano sa Serbisyo ng Indibidwal na Pamilya (Individual Family Service Plan o IFSP) upang bigyang-daan ang mga kliyente na maging kabahagi ng karagdagang pinagsamang mga oportunidad sa pakikisalamuha/libangan. Ang mga mapagkukunang nagbibigay ng mga outlet at serbisyo para sa mga oportunidad sa pakikisalamuha/libangan ay kinabibilangan ng pamilya, mga kaibigan, paaralan, mga lugar ng tirahan, mga serbisyo sa araw, mga programang independiyenteng pamumuhay at suportadong pamumuhay, mga parke ng munisipyo at mga programa sa libangan, at iba pang mga pangkaraniwang aktibidad at serbisyo ng komunidad.

Ang mga serbisyo sa pakikisalamuha at libangan ay maaaring ibigay, ayusin, o bilhin ng SDRC alinsunod sa Mga ***Pamantayan sa Pangunahing Serbisyo*** na nakabalangkas sa Mga ***Pamantayan sa Pagbili ng Serbisyo (POS) ng SDRC***, at kapag natugunan ang lahat ng sumusunod na pamantayan:

1. Ang kliyente ay walang mga mapagkukunan sa pakikisalamuha o libangan na katulad ng, o tulad ng nakalista sa itaas, na magagamit niya.
2. Ang pangangailangan para sa serbisyo ay nakadirekta sa pagpapagaan ng kapansanan sa pag-unlad ng kliyente, o ang pagpapanatili ng isang malaya, produktibo, at normal na Huling na-update noong 12/18/23

buhay.

3. Ang pangangailangan para sa serbisyo ay natukoy sa IPP o IFSP ng kliyente at isang partikular na kinalabasan ay binuo upang matugunan ang pangangailangan.
4. Ang tinukoy na serbisyo ay nakakatugon sa mga kinakailangang regulasyon sa Mga Serbisyo na Nakabase sa Tahanan at Komunidad (Home and Community Based Services o HCBS), kung naaangkop.
5. Ang serbisyo ay hindi itinuturing na pagdodoble ng serbisyong nauugnay sa isa pang pinondohan na serbisyo.

Sa pangkalahatan, responsibilidad ng tagapag-alaga ng isang menor-de-edad na bata na magbigay ng transportasyon kapag walang magagamit na karaniwang mapagkukunan. Ang pagbabayad ng milyahe ay maaaring isaalang-alang depende sa kaso.

Ang pagpopondo para sa transportasyon para sa mga nasa hustong gulang upang makapunta at makabalik mula sa mga aktibidad ay tatasahin sa depende sa indibidwal.

Mga Kaugnay na Gastos sa Camp at Paqlalakbay

Ang mga gastos na nauugnay sa camp at paglalakbay ay maaaring ibigay, ayusin, o bilhin ng SDRC alinsunod sa ***Mga Pamantayan sa mga Pangunahing Serbisyo*** na nakabalangkas sa ***Mga Pamantayan sa Pagbili ng Serbisyo (POS) ng SDRC***, at kapag natugunan ang lahat ng sumusunod na pamantayan:

1. Ang camp ay pagpapasyahan bilang naaangkop ng pangkat ng pagpapalano.
2. Ang kakayahan ng kliyente na lumahok ay hindi kinokompromiso ang kanyang kalusugan at kaligtasan.
3. Ang tinukoy na serbisyo ay nakakatugon sa mga kinakailangang regulasyon sa Mga Serbisyo na Nakabase sa Tahanan at Komunidad (Home and Community Based Services o HCBS), kung naaangkop.
4. Ang serbisyo ay hindi itinuturing na isang duplikasyon ng serbisyong nauugnay sa isa pang pinondohan na serbisyo.

Maaaring pondohan ng SDRC ang kinakailangang suporta upang mapadali ang makabuluhang pakikilahok sa mga aktibidad.

Sa pangkalahatan, responsibilidad ng tagapag-alaga ng menor-de-edad na bata na magbigay ng transportasyon kapag walang magagamit na karaniwang mapagkukunan. Ang pagbabayad ng milyahe ay maaaring isaalang-alang sa depende sa kaso.

Ang pagpopondo para sa transportasyon para sa mga nasa hustong gulang upang makapunta at makabalik mula sa mga aktibidad ay tatasahin depende sa indibidwal.

Mga Di-Medikal ng Terapiya (*kabilang ang, ngunit hindi limitado sa espesyal na libangan, sining, sayaw, at musika*) **at mga nauugnay na gastos sa paglalakbay:**

Ang pagpopondo ng SDRC ay ibibigay lamang sa mga pambihirang pagkakataon kapag naipakita na ang serbisyo ay nakadirekta sa pagpapagaan ng kapansanan sa pag-unlad ng kliyente, ay inirerekomenda ng pangkat ng pagpapalano, at lahat ng iba pang potensyal na mapagkukunan ng pagpopondo ay naubos na. Ang mga dalubhasang tagapagkaloob ng libangan ay maaaring mangailangan ng mga partikular na sertipikasyon ayon sa Titolo 17.

Huling na-update noong 12/18/23

Ang Okupasyonal na Terapiya (Occupational Therapy), Pisikal na Terapiya (Physical Therapy), Terapiya sa Pananalita (Speech Therapy), at Terapiya sa Pag-uugali (Behavior Therapy) ay itinuturing na mga **Medikal** na Terapiya at ang mga kahilingan para sa pagpopondo ay sinusuri gamit ang iba't ibang Patnubay ng POS.

Sa pangkalahatan, responsibilidad ng tagapag-alaga ng menor-de-edad na bata na magbigay ng transportasyon kapag walang magagamit na karaniwang mapagkukunan. Ang pagbabayad ng milyahe ay maaaring isaalang-alang sa depende sa kaso.

Ang pagpopondo para sa transportasyon para sa mga nasa hustong gulang upang makapunta at makabalik sa mga aktibidad ay tatasahin depende sa indibidwal.

Paggamit ng mga Serbisyong Idinidirekta ng Kalahok (Participant-Directed Services o PDS) para sa Libangan ng Pakikisalamuha, Mga Serbisyo sa Camp, at mga Di-Medikal na Terapiya.

Ang mga panlipunan libangan, kampo, at mga di-medikal na terapiya ay maaaring mabili sa pamamagitan ng Serbisyo sa Pamamahala sa Pananalapi (Financial Management Service o FMS) kung ang tagapagkaloob ng mga serbisyong ito ay:

- 1) Hindi bendado (not vendored) ng regional center; at,
- 2) Ang serbisyo ng tagapagkaloob ay pangunahing inihahatid sa mga indibidwal na hindi tumatanggap ng mga serbisyo sa regional center.

Ang FMS ay dapat gamitin para direktang bayaran ang tagpagkaloob at hindi para bayaran ang indibidwal o pamilya para sa halaga ng serbisyo.

Mga Serbisyong Pang-edukasyon (para sa mga batang 3 – 17 taong gulang, inklusibo)

Sa pangkalahatan, ang edukasyon ay responsibilidad ng sistema ng paaralan para sa batang nasa edad na para mag-aral.

Ang mga serbisyo sa preschool ay idinisenyo para sa mga bata na hindi bababa sa 3 taong gulang at may kasamang mga programa na partikular para sa mga batang may kapansanan sa pag-unlad na hindi karapat-dapat para sa isang programa sa pampublikong paaralan. Ang mga programa sa preschool ay dapat magbigay sa mga bata ng mga kasanayang kinakailangan upang magsimulang gumana sa isang lugar ng paaralan kabilang ang mga kasanayan sa pakikisalamuha, mga kasanayan sa komunikasyon, pakikipag-ugnayan ng grupo, mga kasanayan sa pakikinig at pagdalo, at mga pangunahing konsepto sa akademiko. Ang Regional Center ay maaaring bumili ng preschool na edukasyon kapag ang dokumentasyon ay ipinakita na nagpapahiwatig ng hindi pagkakaroon ng isang pinondohan ng publiko na programa sa pag-unlad/pang-edukasyon para sa bata. Ang isang programa sa preschool ay hindi nilayon na magsilbi bilang pangangalaga sa bata para sa mga pamilya.

Nariyan ang Tagapag-ugnay ng Serbisyo para dumalo sa mga pagpupulong ng Plano ng Pang-indibidwal na Edukasyon (Individual Education Plan o IEP) upang tulungan ang kliyente at pamilya sa pagpaplanong pang-edukasyon. Ang mga serbisyo sa Konsultasyon at Adbokasiya

Huling na-update noong 12/18/23

ay isasaalang-alang lamang bilang isang eksempyon kapag ang lahat ng iba pang karaniwan at suporta sa komunidad ay naubos na, kabilang ngunit hindi limitado sa Tanggapan ng mga Karapatan ng Kliyente (Office of Clients Rights o OCRA), Konseho ng Estado sa mga Kapansanan sa Pag-unlad (State Council on Developmental Disabilities o SCDD), ombudsperson ng distrito, legal na mga serbisyo ng tulong, at mga SELPA.

Mga Eksepsyon

Ang mga eksepsyon sa mga pamantayang ito ay isasaalang-alang sa isang indibidwal na batayan, at susuriin kasama ng Pangkat ng Pagpaplano. Kapag sinusuri ang isang kahilingan para sa pagbubukod, isasaalang-alang ng SDRC ang mga indibidwal na kalagayan, at mga pagsisikap na hanapin at lumahok sa mga karaniwang mapagkukunan.

Awtoridad

W&I Code Seksyon 4688.22

W&I Code Seksyon 4519.5(a)(8)

W&I Code Seksyon 4512

W&I Code Seksyon 4646

W&I Code Seksyon 4646.4

W&I Code Seksyon 4648.5

W&I Code Seksyon 4659



Mga Pagbabago sa mga Ibinalik na Serbisyo at mga Bagong Serbisyon Nakadirekta sa Kalahok

Plano sa pakikipag-ugnayan

Binuo ng San Diego Regional Center ang plano ng pakikipag-ugnayan na ito na may layuning magbigay ng impormasyon, edukasyon, at pagsasanay tungkol sa mga pagbabago kamakailan sa batas tungkol sa mga naibalik na serbisyo (mga aktibidad sa libangan ng pakikisalamuha, camp, mga hindi medikal na terapiya, at mga serbisyo sa edukasyon). Ang mga pagbabagong ito ay nilalayon upang madagdagan at mapabuti ang akses sa mga serbisyon ito para sa lahat ng mga komunidad, na may partikular na pagtuon sa mga bata, mga indibidwal na hindi nagsasalita ng Ingles, at mga komunidad ng hindi puti. Ang plano ay pinaghiwalay sa apat na kategorya; Mga Kliyente at Pamilya, Mga Tagapagkaloob ng Serbisyo at Miyembro ng Komunidad, Kawani ng SDRC, at Proseso ng Pagbebenta, at nakatuon sa pagbibigay ng impormasyon, edukasyon, at pagsasanay tungkol sa Mga Naibalik na Serbisyo, ang naisapanahon na Mga Pamantayan at Alituntunin ng POS, at ang bagong opsyon ng Mga Serbisyo na Nakadirekta sa Kalahok (Participant Directed Services o PDS). Ang SDRC ay bumuo ng isang internal na workgroup na binubuo ng mga miyembro mula sa mga departamento ng Mga Serbisyo sa Kliyente, Mga Serbisyo sa Komunidad, at Mga Serbisyo sa Negosyo upang maisagawa ang planong ito.

Mga Kliyente at Pamilya:

1. Mga personal na presentasyon sa mga pamilya sa Imperial Valley, na inaalok sa Espanyol at Ingles
2. Naka-iskedyul na mga sesyon ng impormasyon sa pamamagitan ng Zoom sa Ingles at mga karaniwang wika
3. Family Resource Fair na idinaraos ng SDRC na may (mga) mesa na nakatuon sa impormasyon tungkol sa mga serbisyo
4. Mga presentasyon sa mga umiiral na mga Pangkat ng Magulang tulad ng mga lokal na Autism Chapters, pangkat ng mga magulang na Filipino, iba pa
5. Paggamit ng Yunit ng DEIA (Diversity, Equity, Inclusion, & Access o Pagkakaiba, Pagkakapantay, Pagsasama, at Akses) upang makipag-ugnayan sa iba't ibang komunidad kabilang ang mga grupo ng tribo at populasyon ng Hindi Nakakarinig at Mahirap Makarinig
6. Ang Yunit ng Pinabuting Serbisyo sa Pangangasiwa (Enhanced Service Coordination Unit) (mababa hanggang walang POS) ay bibigyan ng partikular na kurikulum upang ibahagi sa mga kliyente/pamilya sa kanilang mga hawak na kaso
7. Makipagtulungan sa mga nalalapit na kaganapan upang magbigay ng mga materyal na pang-impormasyon (mga kaganapan sa ARPA, resource fair, atbp)
8. Pagbuo ng mga materyal na pang-impormasyon sa maraming wika na nagta-target sa mga kliyente/pamilya na maaaring ibahagi ng mga kawani sa mga personal na pagpupulong, gayundin sa elektronikong paraan, at maaaring ibigay sa mga tagapagkaloob at iba pang mga kasosyo sa komunidad (SCDD, OCRA, mga kasosyo sa Grant, atbp) para ibahagi sa mga kliyente at pamilya na kanilang katrabaho, at nakakatawag-pansin sa mga plataporma ng Social Media
9. Naka-target na pagsasanay at mga materyales na partikular sa mga naka-enrol o nagpapatuloy sa Sariling Pagdedetermina (Self Determination)

Mga Tagapagkaloob ng Serbisyo at mga Miyembro ng Komunidad

1. Buwanang mga kaganapan na Virtual Coffee na may Mga Serbisyo sa Komunidad

2. Mga Buwanang Roundtable ng Bendedor
3. Mga personal na presentasyon sa mga potensyal na tagapagkaloob sa Imperial Valley at iba pang mga komunidad na kulang sa serbisyo
4. Outreach sa mga potensyal na tagapagkaloob sa mga pista ng mapagkukunan sa komunidad
5. Mga kaganapan Programa ng Pakikisalamuha/Panlibangan
6. Naka-iskedyul na mga sesyon ng impormasyon sa pamamagitan ng Zoom
7. Pakikipagtulungan sa iba pang mga Organisasyon na Base sa Komunidad upang ipamahagi ang impormasyon
8. Pagbuo ng mga materyal na pang-impormasyon na naka-target sa mga tagapagkaloob na maaaring ibigay at maibahagi sa elektronikong paraan, at bigyang-pansin sa mga plataporma ng Social Media (website, Facebook, Instagram, Linked In, Twitter)
9. Dapat ding tandaan na ang SDRC ay inaprubahan ng DDS para sa paggamit ng isang ahensya ng FMS sa ilalim ng AB 637 partikular para sa Mga Ibinalik na mga Serbisyo, at ginagamit na ang modelong iyon para sa POS bilang karagdagan sa direktang pagtitinda ng mga tagapagkaloob. Sa bagong probisyon ng PDS bilang isang opsyon sa paghahatid/pagpopondo ng serbisyo, gagawin ang outreach para matukoy ang mga karagdagang tagapagkaloob ng FMS na maaaring interesado

Kawani ng SDRC

Ang mga kawani ng SDRC ay bibigyan ng karagdagang pagsasanay at impormasyon tungkol sa mga pagbabago sa mga naibalik na serbisyo, mga pagsasapanahon sa mga panloob na patakaran at pamamaraan, mga pagsasapanahon sa mga alituntunin ng POS, bagong opsyon sa PDS, at mga pangangailangan sa outreach.

1. Naka-target na pagsasanay para sa Koponan ng Pamumuno sa Mga Serbisyo ng Kliyente (Client Services Leadership Team) (Mga Tagapamahala ng Programa, Katulong na mga Direktor)
2. Naka-target na pagsasanay para sa mga Tagapangasiwa ng Serbisyo at Kawani sa Pagtanggap
3. Mga materyales para sa mga kawani na ibabahagi sa mga kliyente/pamilya sa iba't ibang wika at format (mga handout para sa mga personal na pagpupulong, elektroniko para sa pag-email, atbp)
4. Pag-akses sa mga panloob na dokumento (mga daloy ng trabaho, FAQ, patakaran/pamamaraan, atbp) sa mga plataporma ng trabaho
5. Magagamit na mga panloob na eksperto sa paksa

Proseso ng Bendorisasyon

Ang proseso para sa Bendorisasyon ng mga naibalik na serbisyo ay pinalaki upang mapabilis ang pagsisimula ng mga bagong tagapagkaloob sa mga sumusunod na paraan:

1. Maikling template para sa mga tanong sa pangangalap ng impormasyon upang matukoy ang kodigo ng serbisyo, bago makumpleto ang buong Disenyo ng Programa
2. Pinagsama-sama ang mga dokumento ng Aplikasyon ng Bendador sa isang pakete
3. Buwanang pagpupulong ng mga miyembro ng internal na komite upang suriin ang mga aplikasyon para sa bendorisasyon
4. Ang naisapanahon na proseso ng bendorisasyon na ito ay ibabahagi sa mga katuwang sa komunidad at mga kasalukuyang tagapagkaloob bilang isang paraan upang sana ay makapangalap ng mga bagong tagapagkaloob.
5. Oras ng tanggapan ng Bendorisasyon kung kinakailangan

Pampublikong Pagpupulong sa Ibinalik na mga Serbisyo

Martes, Enero 23 2024



S | D | R | C

San Diego Regional Center

Pampublikong Pagpupulong sa Ibinalik na mga Serbisyo

Martes, Enero 23 2024

6:00 ng gabi - 7:00 ng gabi



S | D | R | C

San Diego Regional Center

Pakay ng Pampublikong Pagpupulong

- ① Pangkalahatang-ideya ng mga pagbabago kamakailan sa batas
- ② Suriin ang mga pagbabago sa BORADOR sa mga Patnubay sa Pagbili ng Serbisyo
- ③ Suriin ang BORADOR ng Plano sa Pakikipag-ugnayan
- ④ Suriin ang mga susunod na hakbang
- ⑤ Tumanggap ng opinyon mula sa publiko

Mga Pagbabago sa Batas

- Idinagdag ang wika sa Kodigo ng Kapakanan at Institusyon (Welfare & Institution Code o W&IC Code) Seksyon 4688.22 at 4519.5(a)(8)
- Nagkabisang noong Hulyo 1, 2023
- Noong Nobyembre 3, 2023, nakatanggap ang mga Regional Center ng gabay mula sa Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Department of Developmental Services o DDS)



Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad Gabay para sa mga Regional Center

Ang [Dokumento ng Gabay](#) ng DDS (11/3/23) ay makikita sa website ng Kagawaran www.dds.ca.gov at makukuha sa Arabe, Hapon, Koreano, Laotian, Ruso, Espanyol, Tagalog, at Vietnamese

Mga Pagbabago na Nakakaapekto sa Mga Patakaran sa Pagbili ng Serbisyo

- Hindi maaaring iatas sa mga pamilya/kliyente ang paggamit ng IHSS
- Hindi maaaring iatas ang pagpapalit ng mga serbisyo
- Walang hati sa gastos o inaasahan na pondohan ang anumang bahagi ng serbisyo
- Dapat unahin ng mga Regional Center ang pagdagdag ng akses para sa:
 - mga bata
 - mga indibidwal na hindi nagsasalita ng Ingles
 - mga komunidad na hindi puti
- Ang mga Regional Center ay dapat tumulong na ipasanggunii ang mga kliyente at kanilang mga pamilya sa mga umiiral na oportunidad para sa mga serbisyo sa panlipunang libangan at mga serbisyo sa kamping
- Dapat pondohan ng mga Regional Center ang mga serbisyo kasama ang mga suportang kailangan para ma-akses ang mga ito.

Mga Karagdagang Kailangan

➔ Mga Plano ng Pakikipag-ugnayan sa Komunidad

Ang mga Regional Center ay kinakailangang gumawa ng mga proaktibong hakbang upang ipaalam sa kanilang mga komunidad ang mga pagbabago sa W&I Code seksyon 4688.22

Pagdaragdag ng Opsyon sa mga Serbisyong

➔ Idinidirekta ng Kalahok

Mga Iminungkahing Pagbabago sa Mga Patnubay sa POS ng SDRC

- Inalis na mga sanggunian sa unang pagkaubos ng iba pang mapagkukunan ng pagpopondo
- Inalis ang mga sanggunian sa pagpapalit ng mga serbisyo
- Inalis ang pangangailangan para sa pagbebendador ng kampo
- Binago ang pagkakaroon ng pagpopondo ng mga suportang kailangan para ma-akses ang mga serbisyo bilang karagdagan sa pagpopondo ng aktibidad (hindi bilang kapalit nito)
- Nagdagdag ng mga opsyon sa transportasyon para sa lahat ng naibalik na serbisyo, hindi lamang sa kampo
- Nagdagdag ng higit pang impormasyon tungkol sa mga Di-Medikal na Terapiya
- Nagdagdag ng seksyon tungkol sa pagkakaroon ng Mga Serbisyon Idinidirekta ng Kalahok
- Nagdagdag ng mga bagong seksyon ng kodigo

Mga Iminimungkahing Patnubay sa POS

Kasama ang link sa impormasyon sa pampublikong pagpupulong

[Borador na mga Patnubay](#)

Baguhin: aalisin ang salitang '*pambihirang*' ('exceptional') sa unang linya sa ilalim ng Di-Medikal na mga Terapiya

Plano ng Pakikipag-ugnayan para sa mga Ibinalik na Serbisyo

Mga Kliyente at Pamilya

- Mga presentasyon at sesyon ng impormasyon
- Fair sa Mapagkukunan
- Mga materyales sa maraming wika

Mga Tagapagkaloob ng Serbisyo at mga Miyembro ng Komunidad

- Mga roundtable
- Mga presentasyon at sesyon ng impormasyon
- Pagbuo ng mga materyales
- Pakikipagtulungan sa mga kasosyo sa komunidad upang ipamahagi ang impormasyon
- Inayos na Proseso ng Bendorisasyon

Kawani ng SDRC

- Pagsasanay
- Akses sa mga materyales

Iminungkahing Plano sa Pakikipag-ugnayan

Kasama ang link sa impormasyon sa
pampublikong pagpupulong

[Plano sa Pakikipag-ugnayan](#)

Mga Susunod na Hakbang

- ✓ Pampublikong Pagpupulong (ngayon!)
 - ❑ Pasalitang opinyon sa panahon ng pagpupulong
 - ❑ Nakasulat na opinyon hanggang Biyernes 1/26/24
- ❑ Kumpletuhin ang panghuling pagsusuri ng iminungkahing Mga Patnubay sa Pagbili ng Serbisyo at Plano ng Pakikipag-ugnayan upang matukoy kung kailangan ang anumang pagsasaayos
- ❑ Isumite ang mga huling bersyon sa Lupon ng mga Direktor ng SDRC para sa pag-apruba sa susunod na pagpupulong ng lupon sa 2/13/24
- ❑ Isumite ang mga iminungkahing patnubay na inaprubahan ng lupon sa DDS para sa huling pag-apruba
- ❑ Ang mga Patnubay sa Pagbili ng Serbisyo ay isasapanahon upang isama ang mga inaprubahang pagbabago ng DDS na nauugnay sa mga naibalik na serbisyo at makukuha ng publiko sa website ng SDRC
- ❑ Ipapatupad ang plano sa pakikipag-ugnayan.

Opinyon mula sa publiko

- Mangyaring limitahan ang iyong opinyon sa 1 minuto o mas kaunti pa
- Maaaring ilagay ang mga tanong sa 'Q/A section' sa Zoom at ito ay kokolektahin at gagamitin upang bumuo ng isang dokumento ng Mga Madalas Itanong (FAQ).

Maaaring isumite ang mga nakasulat na komento sa sumusunod na address o email:

San Diego Regional Center

4355 Ruffin Rd, Suite 204

San Diego, CA 92123

ATTN: Restored Services Public Input

O sa pamamagitan ng e-mail sa sdrc-executive@sdrc.org

Ang huling araw para sa lahat ng nakasulat na komento ay sa Enero 26, 2024.